IBON

Hulyo 2026

# PRAYMER

## Apat na taon ni Marcos Jr

# Ang Hindi Maikubling Krisis

114 Timog Avenue,
Quezon City,
1103 Philippines
Tels. +63 2 8927 7060 to 61
Fax +63 2 8929 2496
www.ibon.org

Isang taon na mula nang kunwari'y ibinunyag ni Pangulong Marcos Jr ang talamak na korapsyon sa sarili niyang gobyerno. Nagsimula ang usapin sa pangungulimbat ng mga politiko ng pondo para sa *flood control projects*, subalit dumulo ito sa pagkakalantad kung paano inililihis ang badyet tungo sa pangungurakot at *pork barrel*—at kung paano ito pinipirmahan mismo ng presidente.

"Mahiya naman kayo!" Sabi ni Bongbong Marcos. Walang sariling pananagutan.

Isang taon na, pero hindi pa rin nahuhuli o pinapanagot sina Zaldy Co at dating House Speaker Martin Romualdez bilang mga pangunahing *operator* ng anomalya. Tatlo lang sa mahigit 200 na Kongresistang nakakuha ng pondo para sa flood control projects ang nakasuhan. Dalawa lang sa mga pinangalanang senador ang nakulong. Isa lang sa gabinete ng pangulo ang nakulong sa sistematikong katiwalian. Itinalaga pa nga kamakailan ni Marcos Jr ang kaniyang dating *budget secretary* na si Amenah Pangandaman bilang pinuno ng kaisa-isang *Islamic bank* ng bansa.

Walang pagsisisi, walang pagwawasto. Hindi na rin nagpaliwanag man lang ang presidente kung bakit pumasa sa kaniya ang badyet ng korapsyon—agad na ibinasura ng Kongreso ang *impeachment complaint* laban kay Bongbong Marcos kaugnay ng pagkakasangkot niya sa anomalya.

Walang imik din ang presidente tungkol sa kaniyang *confidential and intelligence funds* (CIF), habang kasalukuyang nnililitis sa Senado si Sara Duterte sa impeachment, kabilang ang reklamong nilustay niya ang kaniyang CIF.

Tahimik din ang gobyernong Marcos Jr kung paano ang 2026 badyet (at pihado pati 2027) ay patuloy na siksik ng pondo para sa korapsyon, pork barrel, at paghahanda para sa eleksyong 2028.

Pananahimik ang naging estilo ng pamumuno ni Bongbong Marcos sa loob ng apat na taon upang maiwasan ang pananagutan at manatili sa poder sa gitna ng dumadausdos na popularidad.

Subalit hindi na ito makakaiwas sa mga pagyanig sa ekonomiya at politika sa pagpasok ng 2026 – pagsirit ng presyo ng langis, kakarag-karag na ekonomiya, sunod-sunod na dagok sa kabuhayan, at pagbagsak ng politika sa bansa sa sukdulang kababaan at kababawan. Bumaling ang administrasyong Marcos Jr sa estilong pagtatakip ng lawak ng problema at paninisi sa mga kaganapan sa labas ng bansa, sa halip na harapin ang rumaragasang krisis.

Hanggang saan kaya aabot ang gobyernong Marcos Jr sa desperasyon nitong maisalba ang kredibilidad sa pamumuno?

# 1 Ano ba ang kasalukuyang pandaigdigang konteksto ng kinapapaloobang krisis ng Pilipinas?

Nasa malalang yugto ang krisis ng pandaigdigang kapitalismo. Ang pangunahing kontradiksyon sa yugtong ito ay ang tumitinding tunggalian sa mga imperyalistang bansa, partikular sa pagitan ng US at China.

Ang konteksto ng ribalang ito ay ang matagalang pagtigil (*stagnation*) ng pandaigdigang ekonomiya dulot ng batayang krisis ng sobrang produksyon. Ang direksyon ng ribalan ay ang pag-uunahan ng dalawang bansa sa pagpapalakas ng dominasyon sa industriya, partikular sa teknolohiya ng *artificial intelligence* (AI) at mga sangkap nitong *semiconductors*, *electronics*, at *microchips*, at mga kaugnay na larangan katulad ng r*enewable energy, telecommunications*, *digital infrastructure*, *logistics*, at produksyong militar.

Mahalagang maunawaan ang mga katangiang ito ng krisis ng imperyalismo para mailugar din natin ang pag-unawa sa krisis na kinakaharap ng Pilipinas na lubos na nakaasa sa pandaigdigang ekonomiya.

## *Ang papalubhang krisis ng imperyalismo*

Nagtala ang pandaigdigang ekonomiya ng pinakamabagal na paglago mula noong 1960s. Malabo nang mabago pa ang tahaking ito bago ang 2030, ayon mismo sa World Bank.

Isa sa mga tinuturong dahilan sa paglala ng krisis ang giyera sa Middle East na nagpasirit sa presyo ng krudo nang 36% sa *average*. Sa pinakahuling ulat ng World Bank, tinatayang babagal ang *global GDP growth* sa 2.5% sa pagtatapos ng 2026, isa sa mga pinakamababa sa nagdaang dalawang dekada, o di kaya'y sasadsad pa sa 1.3% kapag magpapatuloy ang pagkaantala sa suplay ng langis.

Pero hindi lang naman nag-umpisa ang krisis sa pag-atake ng US-Israel sa Iran, Palestine, at Lebanon. Hindi rin ito nagsimula sa *proxy war* ng US sa Russia at Ukraine noong 2022. Sa katunayan, halos magdadalawang dekada na mula noong 2008 *global financial crisis* na hindi na naka-*recover* sa dating antas ang global GDP growth.

Kasabay ng matagalang pagtigil na ito ang pagtumal ng pandaigdigang pamumuhunan at kalakalan. Walang naganap na sustenidong paglago sa global *foreign direct investment* (FDI) mula 2010 hanggang 2025, ayon sa United Nations Conference on Trade and Development (UNCTAD). Wala ring nakitang malinaw na paglaki ng FDI *flows* mula sa average na US$1.4–1.6 trilyon. Sa katunayan, bumaba ang bahagi ng FDI *flows* sa global GDP mula 3.2% noong 2007 tungong 1.4% na lamang noong 2025.

Samantala, sa parehong panahon, lumalago lamang nang pasumpong-sumpong ang halaga ng pandaigdigang kalakalan ng mga produkto dahil sa pagbagsak ng presyo, partikular noong 2015 at 2023. Mas madaling makita ang pagtumal ng kalakalan sa usapin ng bolyum nito—pruweba na matamlay ang pandaigdigang produksyon at wala nang puwang, o *saturated* na, ang pandaigdigang merkado.

Sa kabila ng *tariff war* ni US President Donald Trump, may 4.7% na paglago sa kalakalan ng produkto at serbisyo noong 2025. Bunga ito ng antisipasyon sa magiging epekto ng *tariff war*, lalo na sa mga produktong may kinalaman sa *artificial intelligence* (AI). Gayunpaman, tantya ng World Trade Organization (WTO) na babagal muli sa 2.7% ang paglago ng nasabing kalakalan sa 2026 kapag kumagat na ang realidad ng matataas na taripa.

Kaakibat ng pagbagal ng pamumuhunan at kalakalan ang pagtaas ng halaga ng pangungutang – isang tipikal na ‘solusyon’ ng imperyalismo sa krisis ng sobrang produksyon. Ang *global debt-to-GDP ratio*, o ang bahagi ng utang sa halaga ng nalilikha ng ekonomiya, ay umabot sa 310% noong 2025. Sa US$346 trilyon na global debt noong 2025, US$38.1 trilyon o 11% ay sa gobyerno ng US lamang.

Makikita rin ang tumitinding desperasyon at abuso ng imperyalismo sa tumitinding *financialization* ng ekonomiya, kung saan ang pinansya—sa halip na produksyon—ang nagtutulak ng akumulasyon at konsentrasyon ng kapital at yaman. Ito ang dominasyon ng mga *financial markets*, *stock market*, *financial firms*, at *asset management corporations*. Nangingibabaw ang kanilang kapital at motibo sa totoong ekonomiya na lumilikha ng mga produkto at serbisyo. Ang *financial assets-to-GDP ratio* noong 2024 ay umabot sa 464%—hanggang 981% pa nga, depende sa gagamiting panukat.

Karamihan sa mga kompanyang pinansyal ay nasa US – ang JPMorgan Chase na palaging nangunguna sa usapin ng *market value* at tantos ng tubo, kasunod ang Bank of America. Samantala, sa usapin ng kapital, nangunguna ang Industrial and Commercial Bank of China at China Construction Bank, kasama ang lima pang bangkong pag-aari ng estado ng China. Sa *asset management corporations* naman, ang BlackRock ng US ang pinakamalaki sa usapin ng *market capitalization*.

Nagsanib ang kapital na pinansyal at industriyal, at lumikha ito ng isang oligarkiya na lubos na mapaminsala sa ekonomiya at pag-unlad. Halimbawa, ang malalaking korporasyon sa *semiconductors*, *electronics*, *microchips*, at imprastruktura ng AI—gaya ng Alphabet, Microsoft, Apple, Amazon, Meta, Samsung, Nvidia, at Tesla—ay may mga siping kapital na hawak ng BlackRock. Kayang impluwensiyahan ng BlackRock ang pamumuhunan—ano ang pauunlarin at ano ang isasara, ano ang presyong magbibigay ng mataas na tubo, at ano ang halaga mismo ng pamumuhunan. Super-tubo ang pakinabang dito ng mga malalaking korporasyon sa teknolohiya—*Big Tech* kung tawagin. Subalit kaakibat nito ang pagpapababa ng gastos sa paggawa at operasyon, at ang pagmo-monopolyo sa teknolohiya.

Malawakang kawalan ng trabaho at kahirapan ang kinakaharap ng masang anakpawis sa buong daigdig sa papalubhang krisis ng imperyalismo. Nasa halos 5% ng lakas paggawa ng daigdig ang walang trabaho, ayon sa konserbatibong pagtaya ng International Labor Organization (ILO). Katumbas ito ng 186 milyong tao, subalit aabot sa 408 milyon kung isasama ang mga naghahanap ng trabaho na hindi na binibilang sa puwersa ng paggawa dahil sa pagpapalit ng depinisyon ng ILO. May 2.1 bilyon naman ang nasa *informal work*, subalit binibilang na *employed*.

May 847 milyong tao ang nasa malubhang kahirapan sa panukat ng World Bank, o yaong mga nabubuhay sa mababa sa US$3 kada araw, o Php184 sa kasalukuyang palitan. Kung gagamitin ang mas disenteng pamantayang US$8.30 (Php508), lalabas na kalahati ng sangkatauhan ang nabubuhay sa kahirapan. Ito ay habang ang top 10% ay hawak ang 75% ng yaman ng mundo at ang *bottom half* ay nagkakasya sa 2% lamang.

Sa bulok na pandaigdigang ekonomiyang ito itinali ng gobyernong Marcos Jr ang kaniyang estratehiya ng pag-unlad. Nakaasa sa mga eksport, dayuhang pamumuhunan, dayuhang merkado, at trabaho sa ibang bansa. Ang papalubhang krisis na ito ang konteksto ng tumitinding tunggalian sa pagitan ng US at China, na tutungo pa sa mas marupok na yugto ng imperyalismo. Nakagitna sa tensyong ito ang Pilipinas, at muli, inilalagay ng gobyernong Marcos Jr ang bansa sa mas masahol na panganib sa pamamagitan ng pagkampi nito sa US.

## *Ang kompetisyon ng US at China*

Ang US pa rin ang pinakamalaking ekonomiya sa mundo. Sa kabuuang global GDP na US$118 trilyon, 26% o US$30.8 trilyon ang sa US. Mas malaki ito kaysa sa pinagsama-samang GDP ng China, Germany, at Japan.

Ang US pa rin ang pinakamalaking *investor*—doble ang pamumuhunan nito kaysa sa China. Amerika pa rin ang pinakamalaking merkado ng produkto at serbisyo—tatlong beses na mas malaki ang konsumo ng populasyon ng US kaysa sa China. Dominante pa rin ang *US dollar* sa transaksyon sa daigdig. Ang US ang may pinakamakabagong *capital market*. Tahanan ito ng Big Tech at ng mga higanteng *financial firms*.

Ang *US military* ang pinakamalaki, pinaka-abanse sa teknolohiya, at pinaka-ensayadong puwersa ng militar sa buong mundo dahil sa palaging panggigiyera ng US sa ibang bansa. Ito ang may pinakamataas na badyet pangmilitar. May 742 baseng militar ang US sa 82 bansa, habang 29 lang ang sa China na karamihan pa ay nakapalibot lang sa South China Sea.

Ano, kung ganoon, ang ikinababahala ng US? Penomenal na lumaki ang bahagi ng China sa global GDP mula 1980. Bagama't kalahati lang ito sa ngayon kumpara sa US, nakababahala pa rin ang tuloy-tuloy na paglaki ng bahagi ng China sa pandaigdigang ekonomiya.

Hindi malabong mahigitan ng China ang ekonomiya ng US sa mga susunod na dekada. Sa nakaraang 25 na taon, nasa 2.1% lamang ang average na paglago ng *real GDP* ng US (o totoong halaga ng GDP dulot ng *inflation*), samantalang nasa 8.0% naman ang sa China.

Salik sa naging mabilis na paglawak ng China ang pag-unlad ng kaniyang *high-tech manufacturing* na nakapagpapaunlad ng iba't ibang industriya. Lumiit ang bahagi ng manupaktura sa GDP ng US sa halos 9.9% na lang sa huling datos, habang lumaki sa 26.2% naman ang sa China. Ang bahagi naman ng manupaktura ng US sa pandaigdigang manupaktura ay nasa 15.1% na lang sa kasalukuyang datos, mula 27.8% noong 1970. Kabaligtaran ang nangyari sa China – nasa 31.4% na sa ngayon mula sa 1.4% lang noong 1970.

Dumausdos ang ekonomiya ng US sa maraming kadahilanan. Pero hindi maikakailang ito na ang kabuuang epekto ng pagkakalat niya ng *supply chains* ng kaniyang mga industriya sa iba't ibang parte ng mundo, lalo na sa panahon ng pagpapatupad ng neoliberalismo, ang pinabangong "globalisasyon" at "malayang pamilihan". Nasa motibo ito ng pagsasamantala ng pinakamurang lakas-paggawa, hilaw na materyales, imprastruktura, at kontroladong merkado. Pero ang ganitong pagkakalat ng kaniyang manupaktura ay humantong sa de-industriyalisasyon at pagsandig sa pandaigdigang merkado para sa iba't ibang kalakal.

Mula noong 2008 *global financial crisis*, nagsusumikap na ang US na ibalik ang proteksyon sa kaniyang ekonomiya, iuwi ang manupaktura, at patibayin muli ang industriya. Samantala sa mga malakolonya katulad ng Pilipinas, tuloy pa rin, at mas marahas pa nga, ang pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal.

Ang kaibahan ng China, maski tumalikod na ito sa sosyalismo at nagbukas na sa pandaigdigang ekonomiya simula noong 2001, ay nanatiling kontrolado at protektado ng estado ang kaniyang mga industriya, lalo na ang *high-tech manufacturing*. Sa ganitong paraan nakaungos ang China sa US.

Ngayon sa ilalim ni Trump, mas agresibong ninanais ng US na muling maging industriyalisado, manumbalik ang kaniyang lokal na produksyon, at mapanghawakan ang dominasyon sa teknolohiya. Kasabay sa paggigiit na ito ng US ng kaniyang hegemonya sa ekonomiya ang pananatili ng kaniyang walang-katulad na dominasyong militar.

Ito ang punto ng ribalan ng US at China – ang makuha ng isa ang teknolohikal na dominasyon at kapangyarihan. Pareho nilang tinutukoy ang

dominasyong ito bilang batayan ng kanilang *economic security* o seguridad pang-ekonomiya, kung saan nakaangkla ang kanilang *national security*. Nakasentro ang kompetisyong ito sa pagkuha ng kontrol at nangungunang posisyon sa semiconductors, AI, at mga kailangang hilaw na materyales, partikular ang *critical minerals* at *rare earths*.

Ang US ang nangunguna sa *frontier models* o yaong mga pinakaabanseng AI chips, sa *research and development* (R&D), sa konsentrasyon ng mga talento, at sa pamilihan ng kapital. Ang China naman ang nangunguna sa lawak ng *deployment* ng AI, bolyum ng patent at *intellectual property*, *industrial robotics*, at *open-source distribution*. Maaaring nangunguna ang US sa *hardware* at *software*, pero hindi na nalalayo ang China. Halimbawa, ang mga kompanya niyang DeepSeek at Qwen ay kaunti na lang ang pagitan sa mga AI models ng US.

Mas malaki ang pribadong pamumuhunan ng US sa AI (US$285.9 bilyon noong 2025) kaysa sa China (US$12.4 bilyon), subalit kalakhan naman ng pamumuhunan ng China ay hindi pribado kundi mula sa estado. Hindi rin mapigilan ng *export controls* ng US ang pagpapaunlad ng China ng ibang AI models. Ang nakakakupot sa ngayon sa US ay ang restriksyon sa enerhiya at lokal na imprastruktura, habang lalampas na ang kapasidad ng China sa enerhiya sa 2030. Bukod sa lumalamang ang China sa *renewable energy* at produksyon ng mineral at iba pang hilaw na materyales, may malinaw din siyang plano na pagdating ng 2030 ay nakalapat na ang AI sa mga pabrika, pampublikong serbisyo, at imprastruktura sa kaniyang ekonomiya.

Sa produksyong militar, hindi rin matukoy kung aling bansa ang nakakaungos, ayon sa mga makukuhang datos. May kahandaan sa giyera ang China, nasa *wartime footing*, 'ika nga. Nakapagpaunlad ito ng sistema nang anim na beses na mas mabilis kaysa sa US sa mga nakaraang dekada, ayon sa mga ulat. Samantala, nakikitang naghahabol ang US sa pagiging episyente dahil sa karupukan ng kaniyang supply chains at limitadong kapasidad para sa matagalan at malawakang giyera.

Agresibong humahabol ang US na ilagay ang *military-industrial complex* nito sa *wartime footing*. Noong 2025, mahigit 10,000 korporasyon ang pumasok sa mga kontrata sa depensa. Tumaas nang 330% ang kontrata para sa

kagamitang panggiyera. Nagpaunlad ang US ng *artillery* mula noong 2022 at tumaas ang produksyon nito ng rare earths mula 95 tonelada noong 2022 tungong 8,900 tonelada noong 2025.

Ang China pa rin ang nangunguna sa supply chains ng rare earths at iba pang materyales ng mga bomba at pasabog. Umaasa ang US sa labas ng bansa, katulad ng Pilipinas, para sa mga ganitong kritikal na input. At dito posibleng lumamang ang US: sa mga alyadong bansa, hindi lang para sa produksyon kundi pati na rin bilang palengke ng mga gamit-militar at maging suporta sa giyerang inilulunsad ng US. Nasa estratehikong posisyon ang Pilipinas sa rehiyong nais kontrolin ng US.

## *Economic security para sa US, krisis para sa Pilipinas*

Mula noong 2008, katulad ng nabanggit, pinatindi na ng mga imperyalistang bansa ang proteksyonismo at pagkakaroon ng pambansang patakarang industriyal para mabawi ang pagdausdos ng kanilang kapasidad sa manupaktura. Sa partikular, ang US sa ilalim ni Trump ay nagpataw ng matataas na taripa, export controls, at subsidyo para sa malalaking korporasyong Amerikano, lalo na sa Big Tech.

Ang kabalintunaan ng animo'y pagtalikod sa neoliberalismo ay mas mababangis na patakarang neoliberal ang ipinapataw sa mga malakolonyang katulad ng Pilipinas. Inaasahan ang Pilipinas na panatilihing bukas ang ekonomiya at umalalay sa mga estratehiyang pang-ekonomiya at pang-militar ng Kano.

Lantarang isinasaad ng National Security Strategy (NSS) ng US na ang kaniyang national security ay nakaangkla sa kaniyang economic security—pantay at magkasanib ang dalawang ito, walang primarya o segundarya sa kanila, at hindi resulta ng isa ang isa.

Sentro ng pambansang seguridad ang pamumuno sa teknolohiya. Nilulusaw ng NSS ang pag-iiba ng lokal at dayuhang patakaran, lalo na sa usapin ng kompetisyon at supply chains sa mga abanseng teknolohiya. Ayon sa NSS, bahagi ang pagpapalawak ng lokal na produksyon ng enerhiya at paghihigpit sa *intellectual property* bilang pundasyon ng kahandaang militar at matagalang economic security.

Lantarang tinutukoy ng NSS ang China bilang solong katunggali o "*competitor*" na dapat mapigilan, maungusan, at matalo, gamit ang buong elemento ng pambansang lakas ng US. Kasama siyempre sa "lakas" na ito ang mga alyadong katulad ng Pilipinas. Binalangkas din ng NSS ang pagbabantay sa mga pandaigdigang ruta sa kalakalan, akses sa mga estratehikong rekurso, at seguridad sa paglalayag. Estratehiko siyempre ang lokasyon ng Pilipinas at pakikipagmabutihan ng gobyernong Marcos Jr sa depensang ito ng US.

Noong inilunsad ng US at Israel ang giyera sa Iran sa simula ng 2026, na nagdulot ng *oil price shock* sa buong mundo, itinuro ito ng gobyernong Marcos Jr bilang pangunahing dahilan ng sunod-sunod na dagok ng krisis pang-ekonomiya sa mga Pilipino. Hindi nito kinondena ang giyera ng US sa Middle East, na may layong pigilan ang ibang makapangyarihang bansa na makontrol ang mga rekurso sa enerhiya at mga kritikal na lagusan ng kalakalan. Malayo naman daw at hindi makakarating sa ating lupain ang panganib ng digma, sabi pa ng Malacañang. Malamang ikinatuwa pa nga ito ng pamahalaan, kasi nabaling ang atensyon ng publiko sa matinding implasyon mula sa isyu ng grabeng korapsyon.

Totoong hindi maihihiwalay sa mga panloob na suliranin ng Pilipinas ang danas na krisis ng daigdig. Pero hindi sana awtomatikong nagdudulot ng kahirapan sa bansa ang pagbagal ng pandaigdigang ekonomiya kung ang Pilipinas ay may matatag at nagsasariling ekonomiya. Pero dahil deka-dekada nang hinubog ng neoliberalismo at imperyalismo ang ekonomiya ng Pilipinas, mabilis na lumalalim ang krisis sa bansa. Hindi kayang pagtakpan ng mga kaganapan sa daigdig ang katotohanang malalim at estruktural ang krisis ng ekonomiya ng Pilipinas.

Kung may mas malinaw pa ngang ipinamalas ang mga kasalukuyang problema ay ang kabalintunaang patuloy na iniaasa ng gobyernong Marcos Jr ang estratehiya ng pag-unlad sa bulok na pandaigdigang ekonomiya. Ibinubunyag din nito na ang pangangayupapa ng gobyernong Marcos Jr sa kagustuhan ng US ang lalong magtutulak sa bansa sa mas malalim na krisis. Siguradong makakarating sa ating lupain hindi lang ang giyera kundi pati ang walang katulad na krisis na dulot nito.

# 2 Ano ang totoong antas ng krisis pang-ekonomiya ng bansa?

Ipinagdiriwang ng administrasyong Marcos Jr ang pag-angat ng World Bank sa Pilipinas sa *upper-middle-income country* (UMIC) *status*, na para bang indikasyon ito ng pag-unlad, na para bang hindi lubog sa gutom at kahirapan ang milyon-milyong Pilipino.

Kasabay pa nga ng selebrasyong ito ang pagkakadeklara kay Enrique Razon bilang *trillionaire*. Lalo lang tuloy tumingkad ang malalang agwat ng mayaman sa masang mahirap.

***Bumabagal ang ekonomiya***

Sa kabaligtaran ng UMIC status, gumuguho ang ekonomiya ng Pilipinas. Patuloy na bumabagal ang paglago ng GDP ng bansa bunsod ng paghina ng konsumo at tulak sa demand. Nagtala lamang ng 2.8% na GDP growth ang Pilipinas noong unang *quarter* ng taon—isa ito sa mga pinakamabagal na paglago sa nakaraang dekada, maliban sa pagbagsak noong pandemya.

Nitong 2025, naabot na ng agrikultura ang pinakamaliit nitong bahagi sa GDP sa kasaysayan na nasa 7.9% na lamang, samantalang ang manupaktura ay nagtala ng 17.3% na pinakamaliit na bahagi nito simula noong 1949. Lumago ang manupaktura nang average na 2.5% lang noong 2023-2025, pinakamababa sa loob ng 15 taon.

Mahalaga sa isang ekonomiya na magkaroon ng matatag na kapasidad sa produksyon dahil ito ang makakapaglikha ng pangangailangan ng bansa at ng maramihan at matagalang trabaho at kabuhayan para sa mamamayan. Subalit sa tagal ng pagpapatupad ng neoliberalismo, nawalan ang bansa ng ganitong kakayahan. Hindi nagpalakas ang pamahalaan ng agrikultura at industriya, bagkus nagkasya ito sa pagpapalawig ng serbisyo at kalakalan na pabor sa dayuhang negosyante at lokal na mga oligarko.

Hindi sustenable ang ekonomiyang nakaasa lang sa serbisyo. Malaking bahagi ng GDP ang serbisyo, pero hindi ito nakapagbibigay ng makahulugang pag-unlad dahil hindi naman ito nakabatay sa kalakasan

ng lokal na industriya. Ang malaking bahagi ng sektor ng serbisyo ay nasa *wholesale and retail trade* ng mga produktong imported; *finance and insurance*; *real estate*; *transportation and storage*; *accommodation and food services*; at iba pa.

Sa kabilang banda, malaking bahagi ng lokal na ekonomiya ay nagmumula sa *household consumption*, umabot ito sa 72.6% ng GDP noong 2025. Bumabagal ang paglago ng household consumption nitong mga nakaraang taon dahil sa krisis na nagreresulta sa paghina ng kakayahan ng mga Pilipino na gumastos. Ampaw ang ganitong ekonomiya.

Tumutubo nang walang nalilikhang bagong halaga at nakaasa lang sa pagluluwas at pag-aangkat ng mga produkto ng dayuhan, dayuhang pamumuhunan, at paggastos para sa konsumo ng sambahayan. Sa mahabang panahon, iyan ang estratehiya ng pag-unlad ng gobyerno ng Pilipinas—isang estratehiya na tumungo sa de-industriyalisasyon at kahinaan sa paglikha ng trabaho.

### *Lumalalim na krisis sa trabaho*

Sa kabaligtaran ng UMIC status, lumalala ang krisis sa trabaho. Tumaas ang bilang ng walang trabaho sa huling datos noong Mayo 2026. May dalawang milyong trabaho ang nawala, halos isang milyon dito ay sa agrikultura. Kapansin-pansin din ang pagtaas ng bilang ng *"not in the labor force"* nang 2.4 milyon, na posibleng isinasama rito ang mga *"discouraged workers"*, o mga manggagawang naghanap ng trabaho sa isang panahon pero napanghinaan ng loob.

Malaking bahagi ng employed o may trabaho ay nasa impormal o yaong mga *unpaid family workers* sa negosyo o sakahan ng pamilya, *self-employed*, *domestic workers* katulad ng mga kasambahay, at mga may sariling negosyo pero walang empleyado. Tatlo sa apat na employed ay *informal workers*—mababang kalidad ang trabaho, walang kaseguraduhan, mababang kita o sahod, walang benepisyo, walang proteksyon. Nagkakasya ang kalakhan ng mga manggagawa sa ganitong uri ng mga trabaho dahil wala nang nalilikhang makabuluhang trabaho ang ekonomiya.

Buwan-buwan nagbabago ang hitsura ng empleyo sa Pilipinas. May mga panahon na may nalilikhang trabaho at may panahon naman na milyon-milyon ang nawawala na hindi na nare-recover sa mga susunod na buwan. Isinisisi ng gobyerno ang ganitong malalaking bilang sa mga sakuna katulad ng bagyo, tagtuyot, pagsabog ng bulkan, at malakas na lindol. Pero hindi na maikukubli kung gaano kabuway at kahina ang paggawa sa bansa.

Dala ng kahinaan ng baseng industriya ang kawalan ng makabuluhan at produktibong trabaho. Nasa makasaysayang pagbagsak na ang bahagi ng mga manggagawang Pilipino sa sektor ng produksyon na nasa 37.9% na lamang noong nakaraang taon. Ang mga manggagawa sa manupaktura ay nasa 7.1% na lang din ng kabuuang employed, habang ang agrikultura ay nasa 20.5% na lamang.

Mahina rin ang kapasidad ng ekonomiya na tumanggap ng mga kabataang pumapasok sa *labor force*. Marami sa ngayon ang nagkakasya sa mga trabahong hindi akma sa kanilang pinag-aralan o kasanayan at pumapasok sa mga raket o *gig* na trabaho na walang kaseguraduhan.

Patuloy na dumarami ang mga Pilipinong napipilitang maghanap ng trabaho sa ibang bansa. Sa paunang datos ng Department of Migrant Workers (DMW), umabot sa 2.7 milyong manggagawang Pilipino ang umalis noong nakaraang taon. Mas mataas ito ng 15.4% kumpara sa 2024. Ang gobyerno mismo ang nagtutulak sa mga Pilipino na pumasok sa mga trabaho sa ibang bansa na walang kaukulang proteksyon at seguridad.

### *Di-nakabubuhay na sahod*

Napakababa ng sahuran sa bansa. Wala sa mga rehiyon ang umaabot sa nakabubuhay na sahod. Malayong-malayo ang average na *minimum wage* sa bansa kumpara sa *family living wage* o ang halagang kailangan ng isang pamilya para mabuhay nang disente. Nasa Php512 ang average minimum wage sa bansa, habang sa pinakahuling taya ng IBON, nasa Php1,301 ang average family living wage. Ang masaklap, mas marami ang sumasahod ng mas mababa pa sa mababa na ngang minimum wage, dahil maraming manggagawa ang nasa impormal na trabaho o kaya nama'y sadyang binabarat ng kanilang mga pormal na employer.

## *Walang upat na pagtaas ng presyo ng bilihin at singilin*

Ang kakarampot na sahod ay pinapadausdos pa ng pagtaas ng presyo ng bilihin. Ang Php512 average minimum wage sa bansa ay nagkakahalaga na lang ngayon ng Php378 kumpara sa presyo noong 2018. Lubusang humina ang kakayahang bumili ng masang anakpawis.

Pumasok ang 2026 na lubos na tumaas ang presyo ng krudo at langis sa daigdig, na pangunahing *import* ng Pilipinas. Dumoble ang presyo ng gas, diesel, at ibang produktong petrolyo sa lokal. Sunod-sunod na tumaas ang gastusin sa pagkain, transportasyon, kuryente, at sa produksyon sa mga sakahan at pangisdaan. Nagtala ng 7.2% *inflation rate* ang bansa noong Abril, wala pang dalawang buwan mula nang atakehin ng US ang Iran.

Hindi bumababa sa Php50 kada kilo ang presyo ng bigas sa pamilihan, pruweba rin na kabalintunaan ang liberalisasyon ng kalakalan ng bigas. Madaling naapektuhan ang halaga ng produksyon ng bigas dahil sa *oil price shock* at kawalan ng kontrol ng pamahalaang Marcos Jr. Dumoble naman ang presyo ng 11-*kilogram* na tangke ng LPG. Tumaas din ang singilin sa kuryente ng Php466 kada buwan sa sambahayang may konsumong 200 *kilowatt-hour*.

## *Lumalalang kahirapan at di-pagkakapantay-pantay*

Nasa 52% ng pamilyang Pilipino ang nagsasabing sila ay mahirap, ayon sa *survey* ng Social Weather Stations (SWS) noong Marso 2026. Lumaki ang bilang na ito sa ilalim ng panunungkulan ni Marcos Jr, mula 12.2 milyong pamilya noong Hunyo 2022 tungong 14.5 milyong pamilya nitong Marso 2026. Malayo ang SWS sarbey sa opisyal na datos ng *poverty incidence* na 15.5% lang noong 2023, na nakabatay naman sa napakababang pamantayan ng kahirapan na Php91 lang kada tao kada araw.

Malaking bilang din ang nagsasabing sila ay nakaranas ng gutom sa nakaraang tatlong buwan – 23.2% ng pamilya, ayon sa SWS. Dumoble ang bilang na ito sa ilalim ni Marcos Jr, mula 2.9 milyong pamilya noong Hunyo 2022 tungong 6.5 milyong pamilya nitong Marso 2026. Samantala, pinagpipilitan ng pamahalaan na kailangan lang ng isang tao ng Php63 kada

araw para malagyan ng laman ang tiyan. At dahil sa busabos na pamantayang iyan, 2.7% lang ng mga pamilya ang nagugutom, ayon sa gobyerno.

Tinataya ng IBON na dalawa hanggang tatlong milyong Pilipino ang mahuhulog sa kahirapan dahil sa *oil price shock*. Sa tala naman ng Philippine Institute for Development Studies ay nasa 30% ng mga pamilyang Pilipino ang bulnerableng malaglag sa kahirapan bunga ng nagpapatuloy na oil price shock.

Malubha at malawak ang gutom at kahirapan. Maaaring sabihing mangangailangan lang ito ng interbensyon mula sa estado para maiangat ang mahihirap. Subalit ang tindi ng *inequality* o di-pagkakapantay-pantay sa bansa ay indikasyon ng antas ng panlipunang krisis at ng estruktural na disenyo ng lipunang pumapabor sa mayayamang pamilya at naghaharing uri.

Kabalintunaan ang UMIC status. Sa pinakahuling datos, nasa 3% lamang ng mga pamilyang Pilipino (o 1.9% ng populasyon) ang masasabing *upper-middle class*, o yaong mga kumikita ng Php64,000 hanggang Php128,000 kada buwan.

May 150 pamilyang Pilipino o mababa pa sa 0.1% ang *super-rich* na mayroong buwanang kita na Php17 milyon pataas. Samantala, 14.4 milyong pamilyang Pilipino (70 milyong katao o 62% ng populasyon) ang pinagkakasya ang buwanang kita na Php22,000 at pababa.

Hindi na ito kayang ipaliwanag ng mga kasalukuyang kaganapan. Bunga na ito ng iba't ibang polisiya at pabuya ng estado na estratehikong nagpayaman sa mga naghaharing uri.

### *Ano ang ginawa ni Bongbong Marcos sa kagyat na krisis?*

Kung kinilala ni Bongbong Marcos ang mga panlabas na salik bilang mga kagyat na dahilan ng nararanasang kahirapan ng mamamayan, may kagyat ba itong ginawa? Walang ginawa ang administrasyon sa kalagitnaan ng pagkukumahog ng pamilyang Pilipino na mapunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Ginawa pa nga itong oportunidad ni Bongbong Marcos para magpabango sa publiko.

Inilunsad ng administrasyon ang programang UPLIFT o Unified Package for Livelihoods, Industry, Food, and Transport para solusyunan diumano ang epekto ng sigalot sa Middle East. Sa ilalim ng UPLIFT, namigay ng ayudang pinansyal sa mga drayber at sa ilang pinakamahihirap na pamilya. Nagkaroon din ng mga *discounted* na pamasahe sa tren, bus, at ilang biyahe ng dyip.

Bukod sa napakaliit ng binigay na ayuda kumpara sa inilaki ng presyo ng langis, limitado lang din ang mga nakatanggap. Wala ring maayos na sistema ang pamimigay at may mga naitala pa ngang mga indibidwal na namatay habang nasa pila para sa mga ayudang ito. Subalit ang punto pa, bakit nauwi na lang sa ayuda ang solusyon ng pamahalaan sa malalim na krisis?

Kahit pa nagdeklara ang gobyernong Marcos Jr ng *"national energy emergency"*, wala naman itong inilabas na bagong badyet para sa mga ayudang binanggit at ginamit lamang ang nariyan nang mga programa para lang masabi na mayroong ginawa. Walang *urgency* ang gobyerno na lutasin ang krisis sa mataas na presyo at hinintay lamang nito na masanay ang mga Pilipino sa antas ng presyo ng mga pangunahing bilihin.

Samantala, ang panawagan ng mamamayan na isuspinde ang paniningil ng *excise tax* sa langis (partikular sa gasolina at diesel) para makaalwan sa presyo ay hindi rin pinansin ng pamahalaang Marcos Jr, kahit na malaki sanang tulong ito para man lang mapagaan ang pasanin ng marami. Nabinbin lang sa Senado at Kongreso ang mga panukala patungkol dito. Nanawagan din ang mga sektor na tanggalin ang 12% *value added tax* (VAT) sa langis at mga bilihin, pero hindi rin ito naging prayoridad ng pamahalaan. Pinaingay pa ang naratibo na mababangkarote at malulugi ang gobyerno kapag tinanggal ang mga regresibong buwis na ito. At siyempre pa, hindi pumasa sa administrasyong Marcos Jr ang panawagan na buwisan ang mga bilyonaryo (*wealth tax*).

Tuloy-tuloy pa ring ginagamit ng kampong Marcos Jr ang badyet para sa ayuda, katulad ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS), Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD), at iba pa para sa pagpapabango sa mga botante, sa halip na tunay na ilaan ito sa pagtulong sa mga pinakabulnerableng mahihirap.

Higit pang nagpapalala sa kalidad ng pamumuhay sa bansa ang kawalan ng maayos na serbisyong panlipunan sa edukasyon, kalusugan, at pabahay. Maliit din ang inilaang badyet para sa mga ito kung ihahambing sa mga inilaang badyet ng pambayad-utang, imprastruktura, at depensa.

### *Ang hindi mapagtakpan ng UMIC status*

Malaki ang kabalintunaan ng UMIC status. Sa Southeast Asia, ang Pilipinas ang may pinakamababang GDP growth, pinakamataas na *unemployment rate*, at pangatlong pinakamabilis na *inflation rate* ayon sa huling datos.

Pangalawa rin ang Pilipinas sa pinakamaraming bilang ng pamilyang hindi makabili ng masustansyang pagkain, ayon sa United Nations Food and Agriculture Organization. Kasama ang Malaysia, ang Pilipinas ang may pinakamalalang *inequality*, ayon sa World Bank.

Nabubunyag sa ngayon ang katotohanang hindi nagsimula ang kasalukuyang paghina ng ekonomiya sa oil price shock, tumitinding krisis sa enerhiya, o mga eskandalo sa korapsyon nitong nakaraang taon. Mas malalim ang ugat nito. Mula pa noong 2017, unti-unti nang nauubos ang bisa ng modelo ng pag-unlad ng gobyerno ng Pilipinas, na umasa lang sa mga pansamantalang tulak ng *demand*.

Wala nang bagong mapagkukunan ng paglago. Matagal nang pinabayaan ang agrikultura at manupaktura—ang dalawang sektor na dapat sana'y lumilikha ng matatag na trabaho, nagpapataas ng lokal na produksyon, at nagpapalakas ng ekonomiya. Dahil dito, lalong naging marupok ang ekonomiya at umaasa pa rin sa mga sektor na hindi kayang magsilbing pangmatagalang makina ng pag-unlad.

Sa unang kalahati ng 2026, humihina ang paglago ng sahurang trabaho, bumabagal ang pagtaas ng *remittances* ng mga overseas Filipino workers (OFW), matumal ang eksport, lumiliit ang konstruksyon at pamumuhunan na lalong nagpapakitid sa oportunidad para sa paglago, at humihina ang kakayahan ng gobyerno na pasiglahin ang ekonomiya dahil sa lumalaking problemang piskal.

Hindi ramdam ng nakararami ang UMIC status. Para sa kanila, nananatiling mataas ang presyo ng mga bilihin, mababa ang sahod, kulang ang disenteng trabaho, at laganap ang kahirapan at kagutuman. Ang totoo, narating ng Pilipinas ang UMIC status gamit ang isang modelo ng pag-unlad na nagpalaganap ng trabahong mababa ang kalidad, sumupil sa nakabubuhay na sahod, nagpalobo ng utang, at nagpaigting ng pagsasamantala sa likas na yaman. Nakamit ng Pilipinas ang UMIC status sa isang modelong nagpanatili sa bansa na atrasado. Inabot ng Pilipinas ang UMIC status sa tuloy-tuloy na pagpapatupad ng pamahalaan ng mararahas na batas at patakarang neoliberal na nagpaunlad lamang sa malalaking lokal na negosyante at dayuhang kapital.

Hindi maaaring sisihin ng gobyernong Marcos Jr ang pandaigdigang krisis lamang, dahil maski sa usaping iyan, kasabwat ang gobyernong Marcos Jr ng US at malalaking oligarko sa plano at disenyo ng ekonomiya na nagreresulta sa nagsasapawang krisis ng mamamayan.

## 3 Anong klaseng politika ng gobyernong Marcos Jr ang nagdulot ng ganitong lalim ng krisis sa ekonomiya?

Ginamit ng gobyernong Marcos Jr ang pampolitikang poder sa pabor ng dayuhan, mga oligarko, at sariling interes. Habang nagdarahop ang mamamayan sa magkakasunod na dagok, itinuon ng administrasyong Marcos Jr ang pansin sa pagpapatupad ng mga patakarang magpapatuloy lang ng nabubulok na estruktura ng ekonomiya sa halip na maglatag ng plano ng transpormasyon.

Muling pinatunayan ng administrasyong Marcos Jr na kakarampot lang talaga ang maaasahan ng sambayanan sa eleksyon ng *elite*—na magsisilbi lang din naman sa interes ng naghaharing-uri ang ‘nahalal’ kapag nakaupo na ito sa poder. Hindi lang saksi sa eleksyong walang kredibilidad ang sambayanan sa kagyat na nakaraan, kundi nakalubog ito sa bulok na politika sa mahabang panahon. Ito ang krisis pampolitika na hindi na rin kayang pagtakpan ng rehimeng Marcos Jr. Ito ang ekonomiyang pampolitika ng ating kalagayan.

### *Sa interes ng dayuhang kapital at lokal na oligarko*

Pinagtitibay ng interes ng mga dayuhang kapitalista at lokal na oligarkiya sa ekonomiya ang laos na modelo ng paglago ng pamahalaan. Itinutulak nila ang ideya na ang pagbubukas ng ekonomiya sa pribado at dayuhang pamumuhunan, korporasyon, at produkto ay magdudulot ng pag-unlad, dahil iyan ay ayon sa kanilang interes. At dahil iyan ang prinsipyong pinaiiral ng pamahalaan sa kaniyang pagpapatupad ng mga patakaran, iyan mismo ang sumasagka sa industriyalisasyon ng Pilipinas.

Inilatag ng administrasyong Bongbong Marcos ang mga batas at patakarang nagpalawig ng mga insentibo sa pagnenegosyo at nagpadali sa malalaking pamumuhunan sa mga sektor na magbibigay ng mabilis ngunit panandaliang tubo. Sa kabilang banda, hindi prayoridad ang agrikultura at industriya.

Pinanatiling maliit ang badyet para sa agrikultura at repormang agraryo sa ilalim ni Bongbong Marcos. Nasa 2.9% lamang ng pambansang badyet ang nakalaan sa sektor sa kabila ng mabibigat na dagok na kinaharap nito sa nagdaang taon. Pinagkasya ang kahingian ng mga magsasaka sa maliit at limitadong ayuda katulad ng *fuel assistance* at ang pagpopondo sa Presidential Assistance for Farmers and Fisherfolks, isang tipo ng pork barrel ni Bongbong Marcos.

Itinulak din ng presidente ang pag-amyenda at pagpapalawig sa Rice Tariffication Law noong 2024. Pinalawig at pinalaki ang Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) na para sa iba't ibang programa diumano para magmodernisa sa agrikultura, mula Php10 bilyon tungong Php30 bilyon. Nakalaan ang Php9 bilyon sa mekanisasyon at Php63 bilyon sa butil, subalit ang kalahati nitong Php15 bilyon na para sa "ibang programa at proyekto" ay nasa diskresyon ng pangulo kung saan gagamitin. Mistulang pork barrel ang RCEF.

Noong nakaraang taon, lumobo sa US$11.1 bilyon ang depisito ng bansa sa kalakalan sa agrikultura. Ito ang pinakamalaking rekord sa Southeast Asia. Lubos nang tinanggal ni Marcos Jr ang natitirang proteksyon ng lokal na agrikultura, at nagdulot ito ng pagbagsak ng presyo ng kalakal ng mga magsasaka.

Sa halip na magpatupad ng totoong repormang agraryo, mas niratsada pa ng administrasyon ngayong taon ang pagpapatupad ng National Land Use Act (NALUA) na panigurong magreresulta sa malawakang pagpapalit-gamit ng mga sakahan sa ngalan ng pekeng pag-unlad.

Kasabay ng paghina ng agrikultura ang kabiguang magtayo ng malakas na sektor ng pagmamanupaktura. Nanatiling nakatuon ang malaking bahagi ng industriya sa mababang antas ng pagpoproseso, *assembly*, o paggawa ng maliliit na piyesa para sa pandaigdigang supply chains. Karamihan sa mga mas abanseng bahagi ng produksyon tulad ng pananaliksik at pagdidisenyo, teknolohiya, *precision instruments*, at *intermediate goods* ay nananatili sa mga mas mauunlad na ekonomiya.

Patuloy na ginagawang kaakit-akit sa mga dayuhang pamumuhunan ang manupaktura sa bansa. Ayon sa pinakahuling datos ng Philippine Economic Zone Authority (PEZA), may 8,070 na empresa ang nasa loob ng iba't ibang *economic zones* sa bansa; kalakhan ay nakapokus sa semiconductors at electronics. Lumalaki rin ang bilang ng mga kompanyang nasa *real estate*, *information technology*, at *logistics services*.

Inaprubahan ni Bongbong Marcos ang Memorandum Order 47 na naglalaman ng 2026 Strategic Investment Priority Plan. Sa ilalim nito, pinarami ng gobyerno ang mga negosyong kwalipikado sa iba't ibang insentibong pagbubuwis na naisabatas na sa CREATE MORE o Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises to Maximize Opportunities for Reinvigorating the Economy, para sa mga malalaking dayuhan at lokal na korporasyon.

Prayoridad ngayon ng gobyernong Marcos Jr ang pag-eengganyo ng pamumuhunan at pagbibigay ng malalaking insentibo sa AI, *cybersecurity*, *data centers*, *biotechnology*, at iba pang *highly technical industries*. Kasunod nito ang mga industriyang nasa *supply chain resilience* tulad ng renewable energy, *electric vehicles*, *crude oil refining*, at *import-substitute* na manupaktura.

Malaki ang aprubadong dayuhang pamumuhunan sa mga economic zone sa unang kwarto ng taon na umabot sa Php42.6 bilyon, mas mataas nang 52.3% kumpara noong nakaraang taon. Pinakamalaking bahagi nito ang mapupunta sa Central Luzon na nasa Php33.1 bilyon o 77.6%.

Sa pangkalahatang aprubadong pamumuhunan, malaking bahagi ang para sa *electricity, gas, steam and air-conditioning supply*; *accommodation and food services;* manupaktura; at *real estate*.

Sa unang mga taon ng administrasyong Marcos Jr, sa bisa ng Executive Order 18 ay pinabilis at pinasimple ang mga proseso at rekisito para sa pagkuha ng permit at lisensya ng dayuhang mamumuhunan sa mga proyektong itinuturing na *"strategic investments"*. Kasabay nito ang pag-anunsyo ng presidente sa na bukas na ang Pilipinas sa 100% dayuhang pagmamay-ari ng mga proyekto para sa renewable energy. Pinalawig na rin ni Bongbong Marcos ang foreign land lease sa 99 taon. Binigay na ang lahat.

Samantala, matapos isabatas ngayong taon ang Enhanced Fiscal Regime for Large-Scale Metallic Mining Act (Republic Act 12253), aktibong itinulak ng pamahalaan ang dayuhang pamumuhunan sa pagmimina at pagpoproseso ng mineral. Ibinebenta ng gobyernong Marcos Jr ang *nickel*, *copper*, *cobalt*, at iba pang kritikal na mineral ng Pilipinas bilang mga sangkap sa baterya, renewable energy, electric vehicles, electronics, at mga supply chain sa depensa. Hindi na rin ibinalik ni Marcos Jr ang dating *moratorium* sa mga *bagong mineral agreements*. Sa halip, ipinagpatuloy niya ang pagbubukas muli ng sektor ng pagmimina na sinimulan noong panahon ni Rodrigo Duterte.

Inaprubahan ni Marcos Jr ang Public-Private Partnership (PPP) Code para mas mapabilis pa ang pag-apruba ng mga *solicited* at *unsolicited proposals* para sa *infrastructure flagship projects* (IFPs) sa ilalim ng programang Build Better More (BBM). Pinalawak ang mga insentibo para sa malalaking mamumuhunan, niluwagan ang mga restriksyon sa dayuhang pagmamay-ari, isinulong ang PPP bilang pangunahing porma ng pribatisasyon ng imprastruktura, at binigyan ng mga garantiya ang malalaking proyekto sa imprastruktura at enerhiya.

Sa pinakahuling datos, nasa 201 ang IFPs na nagkakahalaga ng Php10.28 trilyon. Lagpas kalahati nito, o 133, ang para sa *physical connectivity*, o mga proyektong tulad ng kalsada, *railways*, *airports*, *ports*, at iba pa. Ang malaking bahagi ay mga proyekto ng mga oligarkong tulad nina Ramon Ang, Enrique Razon, at Manny Villar.

Patuloy na itinataguyod ni Marcos Jr ang pribatisasyon ng mahahalagang pampublikong serbisyo at imprastruktura—kabilang ang tubig, kuryente, enerhiya, transportasyon, telekomunikasyon, at iba pa. Kasama rito ang pagpasa ng pamamahala sa mga terminal ng Ninoy Aquino International Airport (NAIA) sa isang pribadong konsorsyum na pinamumunuan ni Ang. Isang hakbang ito na naglalagay ng isang kritikal na pambansang lagusan sa kontrol ng korporasyon at nagbubunsod ng seryosong usapin sa pambansang seguridad.

Ngayong taon ang itinuturing ng administrasyon na *"delivery year"* ng kanyang mga malalaking proyekto. Pihado, matutuon ang mga susunod na buwan sa pagpapabilis ng *approval* ng mga kontrata at paghawan ng mga komunidad na dadaanan at sasakupin ng mga proyekto. Bilyon-bilyon ang nakalaang pondo para sa *right-of-way* (ROW), o yaong pondong ginagamit para bayaran ang mga negosyo at komunidad na mapapaalis para sa pagtatayo ng mga proyekto ng mga oligarko. Bukod sa malaking pondo, nariyan din ang bagong ipinatupad na Accelerated and Reformed ROW o ARROW Act, na nagbibigay ng dagdag na kapangyarihan sa gobyerno na magpalayas ng mga komunidad sa ngalan ng *"high-impact projects"*.

Sa mga proyektong renewable energy naman, ang mga oligarko at dayuhang korporasyon sa enerhiya pa rin ang mga nakikinabang. Sila rin ang nananalo sa mga *auction rounds* ng Green Energy Auction Program ng Department of Energy, kung saan nakakakuha sila ng mga pangmatagalang kontrata at garantisadong presyo.

Malaking bahagi ng mga iginawad na proyekto ang napupunta sa mga dati nang nangingibabaw sa imprastruktura ng enerhiya—ang mga Lopez, Aboitiz, Ayala, at Consunji. Ngunit kapansin-pansin ding umangat sina Ramon Ang at Enrique Razon sa pagkamkam ng mga proyektong renewable energy, kung saan nakakuha pa si Razon ng malaking sapi sa First Gas Corporation ng mga Lopez.

Agresibong isinusulong ng administrasyon ang renewable energy sa ilalim ng balangkas ng *"transition to green economy"*, *"energy self-reliance"*, at siyempre, *"cheaper energy cost"*. Ang Pilipinas na kasi ang may pinakamahal na singil sa kuryente sa Asya.

Totoong malaki ang potensyal na kapasidad ng bansa sa renewable energy. Mahalaga ang pagkakaroon ng malinis at sustenableng pagkukunan ng enerhiya para mapaunlad ang ekonomiya. Pero nasa balangkas pa rin ng pribatisasyon at deregulasyon ang gobyernong Marcos Jr, na pagkakakitaan ng mga dayuhang korporasyon at mga lokal na oligarko sa enerhiya. Papatong lang ang renewable energy sa kasalukuyan nang pandarambong sa enerhiya at pagsandig ng Pilipinas sa imported at *dirty fuel*.

Kinulong ng administrasyon ang mamamayan sa ganitong sistemang nakaasa sa mga pribadong negosyo para sa probisyon ng mga pampublikong serbisyo na batayang karapatan ng mamamayan. Sa halip na maging serbisyo sa mamamayan, naging pasanin nila ang hindi makontrol na mga bayarin para sa mga proyekto, ang pagkawasak ng kapaligiran at rekurso, at ang pagkakasya na lamang sa ayuda.

Samantala, tuloy ang pagbubuwis sa mahirap at middle class. Regresibo ang pagbubuwis na tinatanganan ng gobyerno para maseguro ang insentiba ng malalaking negosyo sa pamamagitan ng pagpasa ng buwis sa konsumo ng mahirap at middle class. Samantala ang mga panawagan na pagbubuwis sa mga bilyonaryo, na tinatantyang aabot sa Php500 bilyon kung maipatupad, ay hindi pinapansin.

Kasabay nito ang todo-todong pangungutang ng gobyerno para pondohan ang kanilang mga proyekto. Umabot na sa Php9.7 trilyon ang inutang ng gobyernong Marcos Jr simula noong Hulyo 2022, at nalagpasan na niya ang kabuuang inutang ni Duterte sa anim na taon. Sa ilalim ni Bongbong Marcos, lumobo sa Php18.5 trilyon ang *national outstanding debt* mula sa Php12.8 trilyon bago siya makaupo sa pwesto. May dalawang taon pang natitira si BBM, dalawang taon na magagamit sa walang patid na pangungutang kahit pa umabot na sa 65.2% ang debt-to-GDP ratio, pinakamataas na rekord ng bansa sa nagdaang 21 na taon.

Malaki ang iniyaman ng mga pinakamayayaman sa ilalim ng administrasyon ni Marcos Jr. Lumaki ang kita ng *Top 1000 corporations*. Ang limang pinakamayayamang bilyonaryo naman ay tumaas ang pinagsama-samang yaman nila nang 54% mula sa Php1.1 trilyon noong Hunyo 2022 hanggang sa Php1.7 trilyon nitong Marso 2026.

Umabot ng Php909.3 bilyon ang inilaki ng yaman ni Enrique Razon mula noong 2022 hanggang sa kasalukuyang taon. Dala ito ng malaking ganansyang nakuha niya sa mga pinatupad na batas ng gobyerno na nagpalaki ng tubo sa kanyang mga negosyo tulad ng Manila Water at International Container Terminal Services, Inc. na kapwa kasama sa mga pinakamayayamang *conglomerates* sa bansa.  Malawak din ang sakop ng mga negosyo ni Razon na nasa mga sektor ng pagmimina, konstruksyon, langis, enerhiya, patubig, real estate, transportasyon, at pinansya.

Lumaki rin ang yaman ni Ramon Ang, na may hawak sa maraming konsesyon at kontrata sa malalaking IFPs. Umabot na ng Php206.4 bilyon ang *net worth* ni Ang mula sa Php133.5 bilyon noong 2022. Iginawad ng administrasyon kay Ang ang pribatisasyon ng NAIA, pati ang kontrata sa pagpapatayo at operasyon ng MRT-7, Skyway, at ng kontrobersyal na Southern Access Link Expressway (SALEX) at New Manila International Airport.

Lumiit man ang yaman ni Manny Villar sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr, nananatili pa rin ang malakas na impluwensya ng kanyang mga negosyo sa bansa. Abot Php145.7 bilyon ang net worth ni Villar ngayong 2026 mula sa Php424.9 bilyon noong 2022. Sa kabila ng *revaluation* o pagbaba ng halaga na isinagawa ng Securities and Exchange Commission (SEC), malaki pa rin ang ganansya at tubo ng pamilyang Villar sa mga negosyo nila sa patubig, real estate, at *commercial establishments*. Kasalukuyan ding nagsisilbi ang kanyang mga anak bilang Senador.

Ang paglaki ng yaman ng mga oligarkiya tulad nila Razon, Ang, at Villar, ay hindi dala ng kanilang sipag at tiyaga bilang mga negosyante. Patunay ang kanilang pagyaman, at ng iba pang mga bilyonaryo, na naging paborable sa mga negosyo ang mga batas na ipinatupad ni Marcos Jr at ng mga presidenteng nauna pa sa kanya.

Naging magkasosyo ang gobyerno at malalaking negosyante sa pagpapatakbo ng lokal na ekonomiya. Sa kabilang banda, malawak ang presensya ng mga oligarko sa ekonomiya sa pagpopondo ng mga kampanya ng mga politiko. May aktibo silang papel sa pagbabalangkas ng mga batas at direkta silang may ugnayan sa mga opisyal ng pamahalaan. Hawak ni Razon ang National Unity Party (NUP), ni Ang ang Nationalist People’s

Coalition (NPC), at ni Villar ang Nacionalista Party. At ang tatlong partidong ito ang may kontrol sa 42% ng Senado, 26% ng Kongreso, at 33% ng mga gobernador sa bansa.

Sa ganitong kalagayan, malaki ang interes ng mga negosyante kasama ang mga dayuhang mamumuhunan sa kaayusan ng gobyerno. Mahalaga sa kanila na masegurong uupo sa pamahalaan ang mga politikong magpapanatili at magpapalawak ng neoliberal na balangkas ng ekonomiya. Kailangan din nilang tiyakin na ang estado ay mananatiling nasa kontrol ng mga paksyong magpapatuloy sa umiiral na modelo ng pag-unlad.

### *Sa interes ng kapangyarihan*

Kaya naman, tumitindi ang tunggalian sa pagitan ng paksyon ng naghaharing-uri, hindi para baguhin ang sistema kundi para lang sa pagtangan sa poder.

Nasa pinakamababang antas ang politika sa bansa. Dalawang makapangyarihan at ganid na dinastiyang politikal ang nag-aagawan sa pwesto. Araw-araw na laman ng balita ang bangayan ng kampo ng mga Marcos at Duterte. Sa likod ng mala-telenovela na kaguluhan sa Senado matapos ma-impeach muli ng Kongreso si Sara Duterte ay ang siraan ng dalawang paksyon, at hindi tungkol sa pagpapanagot sa mga katiwalian ng Bise Presidente.

Ang agawan ng liderato sa Senado, pagtugis kay Sen. Bato dela Rosa kaugnay ng *warrant of arrest* ng International Criminal Court (ICC), at ang pagkakaso at pagkakakulong kina Sen. Jinggoy Estrada at Sen. Rodante Marcoleta sa kaso ng pandarambong—pawang mga alyado ng kampong Duterte— ang nagpasadsad sa krisis pampolitika sa napakababang lebel. Subalit hindi maikakaila na may kinalaman ang administrasyon sa drama, hindi para panagutin ang lahat ng mga tiwali, o bigyang hustisya ang mga pamilya ng biktima ng *drug war* ni Duterte, kundi para pahinain si Sara hanggang eleksyong 2028. Samantala, pinagpapatuloy lang ng kampong Duterte ang drama para naman makuha ang simpatiya ng publiko.

Walang maaasahang pagpapanagot—maski ang eskandalo sa korapsyon ay ginamit lang naman para makonsolida ng kampong Marcos ang mga opisyal sa gobyerno at pahinain ang hawak ng karibal sa kapangyarihan.

Habang sineseguro ng paksyon ni Marcos Jr, kasama ang mga dilawan na Senador na bantulot na panagutin ang administrasyon sa katiwalian, na mapatalsik si Sara Duterte, nagpapatuloy ang kahingian ng mamamayan sa pananagutan sa malawakang korapsyong nailantad noong nakaraang taon. Bukod sa kakaunting mga politikong pinanagot—pawang lahat ay alyado pa ng mga Duterte, may 33 opisyal ng Department of Public Works and Highways (DPWH) ang nakasuhan (kabilang ang dating kalihim na si Manuel Bonoan). *Small fish*, ika nga, habang ang *big fish* ay patuloy na lumalangoy sa Malacañang.

Ang paglalantad ng katiwalian ay hindi isinagawa dahil totoong gusto ng kampong Marcos na wakasan ito, kundi para lang lubusang mapahina ang kapit ng mga karibal nila sa pwesto at makonsolida ang kontrol nito sa mga opisyales ng gobyerno.

Sa ganitong konteksto ng bangayan at agawan sa kapangyarihan, walang maaasahan na may maipatutupad pa na mga repormang sasagot sa krisis na dinaranas ng ordinaryong mamamayan. Magkaiba man ng direksyon, magkakatulad pa rin ang pagsuporta ng mga nagbabangayang paksyon sa liberalisasyon ng ekonomiya at pagprotekta sa interes ng dayuhan at malalaking negosyo.

Maliban sa Makabayan bloc, wala sa mga kasalukuyang nakaupo sa pwesto ang may interes na iwaksi ang neoliberalismo, interbensyon ng US, at interes ng mga oligarko at ang kanilang walang patumanggang pagkamal ng tubo.

## *Sa prayoridad ng US*

Sa nakalipas na 80 taon, hinuhubog ng imperyalistang paghahari at panghihimasok ng US ang ekonomiya at politika ng Pilipinas bilang isang neokolonya. Kung nakanino o nasaan ang pabor ng US, siguradong ito ang paksyon ng naghaharing-uri.

Subalit mula noong 2022, lalo pang ibinaon ng administrasyong Marcos Jr ang bansa sa isang mas masinsin at di-pantay na balangkas ng mga kasunduang pinangungunahan ng US sa larangan ng depensa, industriya, teknolohiya, at mga supply chain.

Mula noong 2022, sunod-sunod na pinasok ng administrasyong Marcos Jr ang mga kasunduang bilateral, komitment sa patakaran, inisyatiba sa pamumuhunan, mekanismo, at balangkas ng kooperasyong panseguridad at pang-ekonomiya. Layon ng mga ito na iayon ang imprastruktura, likas na yaman, *industrial policy*, mga sistemang teknolohikal, at mga prayoridad sa regulasyon ng Pilipinas sa mga layunin ng national security at *industrial policy* ng US.

Hinuhubog ng US ang Pilipinas bilang *frontline military platform* sa rehiyon. Sinasadyang ikalat sa buong bansa ang mga pasilidad militar ng US, kabilang ang mga *command center*, siyam (9) na *EDCA sites*, imbakan at lunsaran ng *missiles*, imbakan ng mga bala at armas, krudo, at iba pang kagamitang pandigma, kasama ang mga tinatawag na *dual-use infrastructure* (o magagamit ng sibilyan at militar) upang mapalawak ang kakayahan ng militar ng US sa mabilis na paggalaw, pagpoposisyon, at pagkontrol sa mga operasyong militar.

Pinalawak din ang saklaw ng *joint military exercises* ng dalawang bansa. Kabilang dito ang kamakailang pagpapalipad ng Tomahawk missile mula sa Tacloban Airport patungong Fort Magsaysay sa Laur, Nueva Ecija gamit ang Typhon Missile System, na kayang magpalipad sa malayuang target. Nailagak na rin sa Pilipinas ang mga mataas na teknolohiyang pandigma tulad ng Navy-Marine Expeditionary Ship Interdiction System (NMESIS).

Pinaigting ng US ang suporta nito sa sandatahang lakas ng Pilipinas para masupil ang mga pwersa at mga mamamayang lumalaban sa panghihimasok nito. Aprubado ng gobyernong US ang dagdag na US$144 milyon na badyet para sa pagpapaunlad ng siyam na EDCA sites sa bansa. Dumating na rin sa Clark ang *critical defense equipment* na nagkakahalagang US$80 milyon—na walang malay ang mamamayan kung anong klaseng teknolohiya ito.

Inilalagay ng mga ganitong galaw ang Pilipinas sa pagiging frontline military platform ng US laban sa China. Kinakaladkad ni Marcos Jr ang Pilipinas sa

mga kahilingan ng US—inilalagay sa *direct line of fire* ang bansa sa patuloy na panganganti ng US sa China. Bulnerable ang mamamayang naghihirap kung sakaling paputukin ng US ang giyera sa rehiyon.

Hinuhubog din ng US ang Pilipinas bilang bahagi ng kaniyang *defense industrial base*, lalo na sa paggawa ng semiconductors at pagpapaunlad ng AI para suportahan ang kaniyang National Security Strategy . Nakasentro ang NSS sa pagpapanatili ng teknolohikal na dominasyon ng US, na may layuning pigilan, higitan, at talunin ang China gamit ang lahat ng instrumento ng pambansang kapangyarihan, kabilang ang pagpapalakas ng mga alyadong bansa gaya ng Pilipinas.

Itinalaga ng US ang Pilipinas bilang tagapagbigay ng teritoryo at imprastruktura para maisulong ng US ang paghahari sa ekonomiya at militar. Ang Luzon Economic Corridor (LEC) at Pax Silica ay idinisenyo upang magsuplay ng yamang mineral, lakas-paggawa, at pagmamanupaktura ng semiconductor, at maging bahagi ng supply chain ng US para sa mga armas at *dual-use technologies*.

Ipinangako ng administrasyong Marcos Jr ang pagpapatayo ng Subic-Clark-Manila-Batangas Railway at ng North-South Commuter Railway na mag-uugnay sa Calamba at Clark International Airport, na palalawigin hanggang New Clark City. Nilagdaan din ni Marcos Jr ang Subic-Clark Fuel Pipeline na daraan sa Subic Bay, Basa Air Base, Clark Airport, at New Clark City upang mapabilis ang paghahatid ng suplay ng krudo sa mga lugar na ito. Nangako rin ang pamahalaan na magtatayo ng isang pasilidad para sa imbakan ng krudo sa Subic Bay Freeport Zone.

Marami pang ibang nakahanay na mga proyekto ang nakasentro sa LEC. Bukod sa mga nabanggit, nariyan din ang pagpapaunlad ng *digital connectivity* sa pamamagitan ng mga 5G Deployment Training, paglikha ng AI Ecosystems, *undersea cables*, at pagpapabilis at pagtataas ng kalidad ng *internet connection*.

Nasa LEC din ang binubuong Agila Subic Multi-Use Facility, na magmumula sa *rehabilitated* na Agila Subic Shipyard na dating kilala bilang Hanjin Subic Shipyard. Gagamitin itong muli para mapalakas ang kapasidad sa pagbubuo ng mga barko, sa pinagsamang kapital mula sa US at South Korea.

Kontrobersyal sa kasalukuyan ang *“economic security zone”* ng US na itinatayo sa New Clark City sa ilalim ng inisyatibang Pax Silica. Ipinapangako nitong magdadala ng mataas na antas ng pagmamanupaktura at industriyalisasyon sa bansa. Magsisilbi itong hub para sa produksyon ng mga teknolohiya at pasilidad na mahalaga para sa pagpapabilis ng teknolohiyang AI. Sinasabi ng gobyernong Marcos Jr na malaking pakinabang ang itatayong hub dahil panimulang hakbang ito para sa abanteng industriyalisasyon at paglikha ng libo-libong trabaho.

Hindi na rin mahihirapan ang mga empresa sa manupaktura sa kanilang mga hilaw na materyales, dahil may pinirmahan na rin si Bongbong Marcos na Critical Minerals Deal, na nagbibigay laya sa US na hukayin at linangin ang mga yamang mineral ng bansa para magamit sa kaniyang produksyon. Malaki ang *mineral deposits* ng Pilipinas ng *nickel*, *copper*, *cobalt*, at iba pang mineral na kritikal sa paligsahan ng US at China.

Aakitin ang dayuhang pamumuhunan sa Pax Silica. Pero sa kabila ng lahat, kapalit ng Pax Silica ang mga rekurso sa lupa, tubig, enerhiya, mineral, at iba pang likas na yaman, na ibinigay ng gobyernong Marcos Jr sa dayuhan sa halip na sa sambayanang Pilipino. Kapalit rin nito ang murang lakas-paggawa. Bukod sa mga insentiba sa dayuhang pamumuhunan, namemeligro rin sa ngayon na isuko rin ng pamahalaan ang soberanya ng 1,620-ektaryang New Clark City para sa Pax Silica ng US.

Subalit madaling nabunyag na ang mga inisyatibang ito ay isa lamang sa pagsusumikap ng US na palawakin ang *defense industrial base* nito. Hindi na lamang magsisilbing lokasyon ng mga tropang Amerikano at mga armas pandigma ang Pilipinas. Pinauunlad na rin ito bilang lugar ng produksyon ng mga teknolohiyang mahahalagang sangkap ng makabagong mga sandata. Ang pagpapaunlad ng LEC at Pax Silica ay lalo pang nagpapadali sa pagpapalawak ng presensyang militar ng US sa rehiyon.

Labis na makaisang panig ang mga pamumuhunan ng US. Pangunahing isinusulong nito ang pang-ekonomiya at pangmilitar na interes ng Amerika habang lalo nitong nililimitahan ang kalayaan ng Pilipinas na magtakda ng sarili nitong mga patakaran. Lalong itinatali at isinasailalim ang mga patakaran ng pamahalaang Pilipino sa mga prayoridad na heopolitikal ng US.

Noon pa man, ang ganitong pagsunod ay nakapipinsala na sa tunay na pambansang kaunlaran.

Matagal na nating sinasabi ito. Walang pakialam ang US sa korapsiyon sa gobyerno, sa mga hidwaan ng mga elitista at trapo, o maging sa mga payasong naglalaro ng politika sa Senado at Kongreso. Wala ring pakialam ang US sa kasakiman o labis na ambisyon ng mga politiko, hangga't nananatiling sunod-sunuran ang estado at gumagawa ng patakaran sa interes ng US.

### *Gobyernong itinatag sa panunupil*

Mabigo man ang lahat ng iba pang paraan, ang 80 taon ng katapatan ng estado ng Pilipinas sa US ay matagal nang nakasalalay sa pampolitikang panunupil. Ang neoliberalismo ay pasismo na nakabalatkayo—at sa panahon ng pinakamalalalim na krisis, inilalantad nito ang tunay nitong mukha.

Ang lumalawak na poot at pag-aalsa ng mamamayan laban sa korapsiyon, dumadausdos na kabuhayan, at lumalalang pampublikong serbisyo ay nagbubukas ng pagkakataon upang palawakin ang demokratikong pananagutan lampas sa hidwaan ng mga paksyon ng naghaharing-uri. Iginigiit ng taumbayan ang mataas na sahod, murang pagkain, disenteng trabaho, lupa, at maayos na serbisyong panlipunan. Kapansin-pansin na sa mga nagdaang buwan ay mas dumarami ang mga welga, protesta, at iba pang klase ng sama-samang pagkilos na tumutuligsa sa kapabayaan ng gobyerno at pagpapailalim nito sa kontrol ng imperyalistang US.

Subalit sinasagupa ang mga ito ng sistematikong panunupil—*red-tagging* na pinangungunahan ng estado, malawakang pagmamanman, paggamit ng mga batas bilang sandata laban sa mga kritiko (*lawfare*), at lalong pagsisikip ng demokratikong espasyo, bukod sa iba pa. Nariyan din ang mas malalaking puwersa ng kapulisan na dine-deploy sa mga welga at *rally*. Matindi rin ang naging pagbabarikada sa Mendiola simula noong protesta ng Setyembre 2025. Tiyak na lalo pang titindi ang mapaniil na pamamahala habang lumalalim ang pangamba at kawalang-katiyakan ng naghaharing-uri.

Ipinatutupad ng administrasyong Marcos Jr ang National Action Plan for Unity, Peace and Development (NAP-UPD) hindi upang lutasin ang ugat ng armadong tunggalian kundi upang wakasan lamang ito sa paraang militar, nang walang tunay na kahandaang makipag-usap sa mga armadong rebelde upang tugunan ang mga pinagmumulan ng sigalot.

Ginagamit ng administrasyong Marcos Jr ang gabay ng US sa *counterinsurgency* bilang batayan ng sarili nitong kampanya laban sa insureksiyon. Ang *whole-of-nation approach*, na isinasakatuparan sa pamamagitan ng mga operasyon ng NTF-ELCAC, ay isinasangkot maging ang mga ahensyang sibilyan sa mga operasyong *counterinsurgency*.

Tatlong panukalang batas na may mapaniil na katangian ang isinusulong sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr. Ang Anti-Fake News and Digital Disinformation Bill, na itinutulak ni Cong. Sandro Marcos, ay isinisentro sa estado ang kapangyarihang magpasya kung alin ang “totoo” at “pekeng” impormasyon, at nagpapataw ng mabibigat na parusa, kabilang ang pagkakakulong, sa mga mapatutunayang nagpakalat umano ng disimpormasyon. Laban ito sa pagdami ng mga pekeng balita sa *social media* pero sa malalim na pagtingin, malinaw na ito ay isang paraan ng *crackdown* sa mga kritiko at isang pagpakete lamang ng *state censorship*.

Layunin naman ng panukalang Foreign Information Manipulation and Interference Bill na tukuyin at kontrahin ang mga lihim, koordinado, o mapanlinlang na pagtatangka ng mga dayuhang aktor na impluwensiyahan ang opinyong publiko, pampolitikang debate, o mga demokratikong proseso. Pero dahil malabo ang depinisyon ng “dayuhang panghihimasok” sa panukalang batas, maaari itong gamitin laban sa mga organisasyon at kooperasyon na tumatanggap ng pondong dayuhan.

Nilalayon naman ng Terror Grooming and Radicalization Prevention Bill na gawing krimen ang ‘di umano’y paghubog o pagkondisyon sa mga tao—lalo na sa mga bulnerableng sektor—patungo sa terorismo o marahas na ekstremismo. Saklaw nito ang sikolohikal, emosyonal, ideolohikal, panrelihiyon, pangkultura, at maging akademikong mga pamamaraan. Ang mga parusa ay mula 15 hanggang 40 taong pagkabilanggo nang walang *parole* at multang aabot sa ₱10 milyon.

Nariyan pa rin ang Anti-Terror Law na pinatupad ni Duterte na patuloy na ginagamit ng pamahalaang Marcos para hulihin at ikulong ang mga aktibista. Gamit na gamit din ang mga batas sa Anti-Money Laundering at Anti-Terrorist Financing para sampahan ng gawa-gawang kaso ang mga lehitimong organisasyon at indibidwal na tumutuligsa sa mga maling pamamalakad ng gobyerno.

Ambisyosong naghangad si Marcos Jr ng isang di-permanenteng puwesto sa United Nations Security Council. Natalo ang Pilipinas sa Kyrgyzstan, na naglantad lang sa mga limitasyon ng maka-US na patakarang panlabas ng administrasyong Marcos Jr at sa humihinang kredibilidad nito sa hanay ng mga bansa sa Global South. Ipinakita rin nito ang tuloy-tuloy na pagkasira ng reputasyon ng administrasyong Marcos sa usapin ng karapatang pantao sa daigdig.

Sa pinakahuling tala ng Karapatan, umabot sa 147 ang biktima ng *extrajudicial killing* (EJK) at 16 ang *enforced disappearance* simula noong 2022. Milyon-milyon na rin ang naging biktima ng iba't ibang porma ng *threat*, *intimidation*, at *harassment*. Samantala, libo-libo ang mga napilitang mag-bakwit mula sa kanilang mga komunidad dahil sa patuloy na pambobomba at walang habas na pamamaril ng masa ng mga pwersa ng estado.

Malaking bilang ng biktima ng EJKs ang nagmula sa Negros na umabot na sa 62. Isa sa pinakahuling paglabag ng estado sa karapatang pantao ay ang nangyari noong Abril sa Toboso, Negros Oriental kung saan 19 katao ang pinatay ng AFP. Kasama sa mga pinatay ay mga sibilyan na *media worker*, *researcher*, mga estudyante, at Fil-Am na nakikipamuhay sa Toboso. Wala pa ring nananagot sa hanay ng AFP dito, at binigyan pa ng pabuya ni *Defense Secretary* Gibo Teodoro ang mga puwersang pumatay sa mga biktima.

# 4 Ano ang politikang isusulong ng mamamayan?

Sa kasalukuyang pamamahala na sunod-sunuran sa interes ng mga negosyo at imperyalistang US, wala tayong maaasahang transpormasyon. Ang bangayan ng mga politiko ay hindi dahil mayroon sa kanilang nagtutulak ng mga tunay na repormang lulutas sa lumalalang krisis, kundi udyok lamang ng kanilang sariling interes na manatili sa puwesto.

Interesado ang malalaking oligarkiya at ang US sa kung sino ang mga mananalo at uupo sa pamahalaan. Mahalaga sa kanila na manalo sa bangayang ito ang paksyong magpapatuloy ng mga patakarang neoliberal at magpapailalim sa kanilang kontrol at impluwensya, lalo na sa harap ng tumitinding krisis sa daigdig. Estratehikong piyesa ng US ang Pilipinas para mapanatili ng US ang hegemonya sa mundo.

Hindi maikakaila ang bigat ng mga suliraning kinakaharap ng mamamayan, subalit hindi ito mga suliraning walang lunas. Hindi rin ito simpleng bunga ng sakuna o ng sunod-sunod na pandaigdigang krisis lamang. Ang mga ito ay resulta ng mga patakarang pang-ekonomiya at pampolitika na maaaring iwaksi, at ang mga nagpatupad ay maaaring itakwil.

Pangunahin at pangmatagalan na direksyon sa pagbabago ng umiiral na sistema ang pagwaksi sa pangangayupapa ng gobyerno ng Pilipinas sa US. Ipaabot sa namumuno ang diskuntento ng mamamayan sa mga pinapasok na di-pantay na kasunduan na pabor sa imperyalistang US at lubhang mapaminsala sa taumbayan.

Igiit ang pagharap sa estruktural na krisis sa pamamagitan ng pagtatayo ng nagsasarili at soberanyang bansa. Igiit ang kalayaan ng bansa mula sa kontrol ng dayuhang impluwensya, lalo na sa US. Ipaglaban ang lokal na ekonomiyang magsisilbi sa pangangailangan at kagalingan ng mga ordinaryong Pilipino.

Hindi maitutulak ang mga kinakailangang pagbabago sa lipunan hangga't nananatili ang tiwali, makasarili, at mapanupil na gobyerno. Papapanagutin ang lahat ng sangkot sa korapsyon at ang mga politikong nagsisilbi lang sa interes ng dayuhan, mayayaman at malalaking negosyo.

Dapat tumindig ang malawak na hanay ng masa na nagkakaisa para isulong ang mga pangunahing karapatan para sa disenteng pamumuhay. Tutulan ang pribatisasyon at deregulasyon sa mga serbisyong panlipunan. At igiit ang mahalagang papel ng estado sa pag-angat ng kalidad ng pamumuhay ng mamamayang Pilipino.

Sa dulo, lumalalim ang pandaigdigang krisis, tumitindi ang kompetisyon ng malalaking kapangyarihan, at nagpapatuloy ang mga hamon sa loob ng bansa. Sa harap ng mga ito, ang mahalagang usapin ay ang pagsusulong ng isang modelo ng pag-unlad na nakabatay sa pagpapalakas ng lokal na produksyon, pangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman, pagtataguyod at paggalang sa mga demokratikong karapatan at demokrasya sa pamamahala, at paglalagay sa kapakanan ng mamamayan bilang pangunahing layunin ng pag-unlad.

Nakasalalay ito sa patuloy na pakikilahok ng mamamayan sa paghubog ng ekonomiya para sa nakararami at sa pagsusulong ng demokratikong politika para sa pagbabago. Itutuon natin ito sa pagkamit ng pambansang kaunlaran, hustisyang panlipunan at tunay na kalayaan.